





Si Hesus:

Isang Propeta ng Islam





Si Hesus ay Isang Propeta



Pinaniniwalaan ng mga Muslim na si Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay isa sa mga Propeta ng Allah (Panginoon), na siyang ipinadala upang gabayan ang mga Anak ng Israel sa pamamagitan ng bagong banal na kasulatan. Sa katunayan, ang paniniwala sa lahat ng mga Propeta at Sugo ng Allah ay isang pangunahing saligan ng pananampalataya sa Islam. Ang Banal na Aklat ng mga Muslim, ang Qur'an, ay nagpapahayag: "Sabihin [O Muhammad]: 'Kami ay naniniwala sa Allah, at sa kung ano ang ipinahayag sa amin at kung ano ang ipinahayag kay Abraham [Ibrahim], Ismael, Isaac [Ishaq], Jacob [Yaqub], at ang mga Lipi, at sa [mga Aklat na] ibinigay kay Moises [Musa], Hesus [Isa], at sa mga propeta, mula sa kanilang Panginoon: Kami ay walang pagtatangi sa pagitan nila, at kay Allah kami nagpapasakop [sa Islam].'" [Qur'an, 3/84]

Si Hesus [Isa] ay itinuturing sa Islam bilang nauna kay Muhammad, at pinaniniwalaan ng mga Muslim na naihayag ang pagdating ng huling sugo. Sa katunayan, ayon sa Islamikong pananampalataya, ang

orihinal na relihiyong itinuro ng lahat ng mga propetang ito mula pa noon ay ang Islam, na nangangahulugang mapayapang pagpapasakop sa Nag-iisang Panginoon.

Ang isa pang bersikulo sa Qur'an (5/46) ay nagpapatunay na si Hesus ay sumusunod sa linya ng mga Propeta tulad ni Moises na nauna sa kanya: "At Aming ipinadala pagkatapos nila (ang mga naunang sugo) sa kanilang mga yapak si Hesus, na anak ni Maria, na nagpapatunay kung ano ang nauna sa kanya sa Torah at Aming ibinigay sa kanya ang Ebanghelyo kung saan mayroong gabay at liwanag, at nagpapatunay sa kung ano ang nauna rito sa Torah at isang gabay at isang babala para sa mga may takot sa Diyos."

Binanggit ang pangalan ni Hesus sa dalawampu't limang lugar sa Qur'an. Tinatawag din siya nang may paggalang bilang "anak ni Maria; messiah; alipin ng Allah; sugo ng Allah." Siya ay binanggit din bilang "ang salita ng Diyos", "ang espiritu ng Diyos", isang "tanda ng Diyos", at maraming iba pang mga titulo ng karangalan na kumalat sa labinlimang magkakaibang mga kabanata.

Si Birheng Maria at Ang Kapanganakan ni Hesus



Iginagalang at pinaparangalan ng mga Muslim si Hesus at ang kanyang ina na si



Maria. Pinangalanan ng maraming Muslim ang kanilang mga anak na Isa (Jesus) at Maryam (Maria). Tunay na mayroong isang kabanata sa Qur'an na pinangalanang Maryam. Mayroon ding isa pang kabanata na ipinangalan sa kanyang ama, si Imran. Ayon sa Qur'an, si Maria ay isang malinis at birhen na babae na mahimalang nagsilang kay Hesus: "At nang sabihin ng mga anghel: O Maria, tunay na pinili ka ng Allah at pinadalisay ka at pinili kang nakahihigit sa mga babae sa mundo." (Qur'an, 3/42)

Naniniwala ang mga Muslim na si Hesus ay ipinanganak mula sa isang birhen. Gayunpaman, hindi tinatanggap ng mga Muslim ang birhen na kapanganakan ni Hesus bilang katibayan ng pagka-Diyos ni

Hesus. “Siya [Maria] ay nagsabi: ‘O Aking Panginoon! Paano ako magkakaroon ng anakkung walang lalaking humiposa akin?’ [Ang Diyos] ay nagsabi: ‘Gayunpaman; Nililikha ng Allah ang Kanyang nais. Kapag Siya ay nag-utos ng isang bagay, sasabihin lamang Niya na “Mangyari [ito]!”, at ito ay nangyayari.” [Qur’an 3/47]. “Ang halimbawa ni Hesus kay Allah ay tulad ng kay Adan; Nilikha Niya siya mula sa alabok, pagkatapos ay sinabi sa kanya: ‘Mangyari.’ At nangyari [umiral] siya.” [Qur’an, 3/59] Ang paglikha kay Adan ay higit pang mahimala dahil siya ay ipinanganak na walang ama o ina. Nang dalhin ni Maria ang sanggol sa kanyang komunidad, sila ay nagsabi: “O, Maria! Katotohanan, kakaibang bagay ang dinala mo! O, kapatid ni Aaron! Ang iyong ama ay hindi isang masamang lalaki, ni ang iyong ina ay hindi isang babaeng malaswa!” Itinuro ni Maria ang sanggol. Sinabi nila: “Paano namin kakausapin ang isang batang nasa duyan?” Pagkatapos ay isang himala ang nangyari. Bilang pagtatanggol sa kanyang ina, ang sanggol na si Hesus ay nagsalita, at nagsabi: “Ako ay tunay na alipin ng Allah. Binigyan niya ako ng rebelasyon

at ginawa akong propeta; at ginawa Niya akong pinagpala saan man ako naroroon, at ipinag-utos sa akin ang panalangin at pagkakawanggawa habang ako ay nabubuhay; Ginawa niya akong mabait sa aking ina, at hindi mapagmataas o miserable; kaya’t ang kapayapaan ay nasa akin sa araw na ako’y isinilang, sa araw na ako’y mamatay, at sa araw na ako ay bubuhayin [mulí]!” [Qur’an, 19/27-33].



Mga himala ni Hesus



Binigyan si Jesus ng kakayahang gumawa ng mga himala upang tulungan siya sa kanyang pakay, lahat sa pahintulot ng Diyos. “Ako ay naparito sa inyo na may isang tanda mula sa inyong Panginoon: Ako ay gagawa para sa inyo mula sa putik ng hugis ibon at hihingahan ko ito at ito ay magiging ibon sa pahintulot ng Allah. Ako ay gagamot sa bulag, sa may ketong at bubuhayin ko ang patay, sa pahintulot ng Allah. Ipaaalam ko sa inyo kung ano ang inyong kinakain at itinatago sa inyong mga bahay. Tunay may tanda mula rito para sa inyo kung kayo ay mananampalataya. Ako ay isinugo upang patotohanan ang Torah

na nauna sa akin at upang pahintulutan para sa inyo ang

ilang ipinagbawal (dati) sa inyo. Ako ay naparito sa inyo na may isang tanda mula sa inyong Panginoon. Kaya katakutan ang Panginoon, at sundin ako. Tunay na si Allah ang aking Panginoon at inyong Panginoon kaya sambahin ninyo Siya. Ito ang landas na matuwid.” [Qur’an, 3/49-51]

Si Hesus ba ay isang Diyos o ang Anak ng Diyos?



Hindi itinuturing ng mga Muslim si Hesus bilang Anak ng Diyos o Diyos, ngunit itinuturing siya bilang isang ordinaryong tao na, tulad ng ibang mga propeta, ay banal na pinili upang ipalaganap ang mensahe ng Allah sa kanyang komunidad, ang mga tao ng Israel. Ipinagbabawal ng Islam ang pagtatambal sa Diyos, na binibigyang diin ang konsepto ng banal na kaisahan ng Diyos. Ipinahayag ng Qur’an: “Walang katulad sa Kanya.” [Qur’an, 42/11]; at, “Hindi siya nagkaanak, ni hindi rin siya ipinanganak.” [Qur’an, 112/3].

Ipinako ba si Hesus sa Krus?



Ang mga Kristiyanong naniniwala sa banal na trinidad ay naniniwala na si Hesus ay ang Diyos

Mismo, o bahagi ng Diyos, na naparito sa mundo, at ipinako sa krus upang linisin ang ating mga kasalanan at pagkatapos ay nabuhay muli at umakyat sa kalangitan hanggang sa oras na muli siyang babalik sa mundo.

Naniniwala ang mga Muslim na si Hesus ay hindi namatay sa krus. Niligtas siya ng Allah, at may ibang ipinako sa krus bilang kahalili niya. Ang Qur'an ay nagsasaad: "Na kanilang sinabi (sa pagmamalaki), 'Aming pinatay si Kristo Hesus na anak ni Maria, ang Sugo ng Allah'; ngunit hindi nila siya pinatay o ipinako sa krus, ngunit ipinakita sa kanila na tila ganito ang nangyari, at ang mga nagtatalo ukol doon ay puno ng mga pag-aalinlangan, na walang (tiyak) na kaalaman, kungdi haka-haka lamang na kasunod, sapagka't may katiyakang hindi nila siya pinatay : sa halip, itinaas siya ng Allah sa Kanyang Sarili; at ang Allah ay Kataas-taasan sa Kapangyarihan at Marunong." [Qur'an, 4/157-158].

Mayroong pagkakaiba ng opinyon tungkol sa eksaktong interpretasyon ng bahaging ito ng bersikulo: "Hindi nila (mga Hudyo) pinatay si Hesus, ngunit itinaas siya ng Allah sa Kanyang Sarili." Ang ilan

ay naniniwala na si Hesus ay hindi nakaranas ng karaniwang kamatayan ng tao at nabubuhay pa rin sa katawang-tao sa kalangitan. Ito ang pananaw na tinatanggap ng nakakaraming Muslim. Ang iba ay naniniwala na siya ay namatay, ngunit hindi sa krus, at ang “itinaas” sa Allah ay nangangahulugan na iniligtas siya ng Allah mula sa mga kamay ng mga taong gustong pumatay sa kanya.

Namatay ba si Hesus para sa Ating Mga Kasalanan?



Karamihan sa mga sekta ng Kristiyano ay may paniniwala na ang kasalanan nina Adan at Eba na pagsuway sa Diyos ay naipapasa sa kanilang mga inapo at sa gayon ang buong sangkatauhan ay isinumpa sa Orihinal na Kasalanan, kung saan walang kaligtasan ang posible maliban kung ang isang tao ay naniniwala sa pagbabayad-salang kamatayan sa krus ng Anak ng Diyos.

Naniniwala ang mga Muslim na si Hesus ay hindi namatay para sa paglilinis ng ating mga kasalanan at para sa ating kapatawaran. Kabaligtaran sa Kristiyanong katuruan na ang kalikasan ng tao ay karaniwang masama (dahil sa orihinal na kasalanan), itinuturo ng Islam na ang lahat ng tao ay ipinanganak na inosente at sila'y nagiging makasalanan lamang

kapag sinasadya nilang gumawa ng kasalanan. Samakatuwid, walang orihinal na kasalanan sa Islam.

Ang Islamikong konsepto ng kasalanan ay nakabatay sa paniniwalang ang kasalanan ng isang tao ay hindi maaaring ilipat sa iba; ni ang mga gantimpala ng mabubuting gawa. Ang bawat indibidwal ay may pananagutan lamang sa kanyang mga sarilinggawain, sapagkat ang Diyos ay hindi kailanman di-makatarungan. Nililinaw ng Qur'an (17/15) na ang bawat indibidwal ay isang malayang tao na siyang tanging may pananagutan sa kanyang mga sariling gawain. Hindi kailangan ng kaligtasan mula sa (orihinal na) kasalanan, dahil walang orihinal na pasanin.

Contact

Presidency of Religious Affairs
General Directorate of Religious Publications
Department of Publications in Foreign Languages and Dialects

Diyanet İşleri Başkanlığı
Dini Yayınlar Genel Müdürlüğü
Yabancı Dil ve Lehçelerde Yayınlar Daire Başkanlığı

Üniversiteler Mah. Dumlupınar Bulvarı
No:147/A 06800 Çankaya-ANKARA/TÜRKİYE
Tel : +90 312 295 72 81
Fax : +90 312 284 72 88
e-mail: yabancidiller@diyanet.gov.tr

Hız. İSA
FİLİPİNCE